# PROLOGUE

Awang-awang pinagmamasdan ng binata ang isang dalaga na nakaupo sa kama sa loob ng puting silid at nakasuot ng isang puting bestida katulad ng ilang pasyenteng naroroon. Nawala na ang dati nitong ganda, lubog na ang mga mata, maputla ang balat at nanunuyo ang mga labi.

Walang ekspresyon ang mukha nito habang nakatingin sa labas ng bintana.

“Kumusta na po ang lagay niya?” tanong ng binata sa dalagang nurse na kasama niyang nakasilip sa pasyente sa

loob ng silid.

Huminga muna ang nurse bago sumagot, “Wala pa rin pong pagbabago sa kanya simula nang dinala siya rito. Ganyan na siya mula noon pa—minsan umiiyak na lang bigla, malungkot, nagsasalita mag-isa… minsan pa nga po tumatakbo na para bang takot na takot nang walang dahilan, lalo na kapag nakakakita siya ng salamin.”

May pagtataka sa ekspresyon ng mukha ng binata.

“S’abi po ng doktor, parang wala na raw siya sa katinuan kaya mas mabuti kung ilagay na lang daw po siya sa mental institution,” dagdag pa ng nurse.

“Gan’un ba? Salamat sa pagbabantay sa kanya. Sa susunod, babalik uli ako. ’Wag po muna kayong gagawa ng aksyon nang wala ako, ayokong mapunta siya r’on,” pakiusap ng binata.

“Sige po, ’wag po kayong mag-alala, binabantayan po namin siya nang maayos dito.”

Bago siya tuluyang lumabas ng silid, nagkasalubong pa ang mga mata nila ng dalaga nang lumingon ito sa kanya.

Pagkatapos niyang dalawin ang pasyente sa ospital, dumaan naman siya police station dahil kailangan siyang makausap ng director nila at mag-ulat sa huling pagkakataon ukol sa hinawakan niyang kaso. Nang makarating siya roon, agad siyang sinalubong ng dalawang detective—isang babae at isang lalaki na halos kasing-edad lamang niya at kapwa bata pa sa larangan na iyon.

May inabot ang binatang detective sa kanya na isang di-kalakihang kahon. "Iyan 'yung nakita namin sa crime scene. Mga personal na bagay yata 'yan, kaya mas maganda na ikaw na lang muna ang magtago. Tutal tapos na rin ang imbestigasyon, mas magandang mapunta na 'yan sa 'yo."

Tinanggap ng binata ang kahon. "Maraming salamat," tugon niya bago siya iwan ng mga ito.

# 1

Sa makulimlim na kalangitan at malamig na panahong iyon, isang kumpulan ng mga taong puro nakasuot ng itim sa sementeryo, lahat sila ay nagluluksa at nakaharap sa dalawang kabaong nina Mr. at Mrs. Abrera.

Nangunguna roon ang panganay nilang anak na si Chewie, habang karga nito ang limang taong gulang na si Cole na patuloy sa pag-iyak at paulit-ulit na tinatawag ang pangalan ng mga magulang nila. Katabi naman ni Chewie ang sumunod sa kanya na si Cody na tahimik lang; blangko ang

ekspresyon sa mukha nito pero sa loob-loob ay nagluluksa.

"Ipagdasal natin ang kanilang mga kaluluwa upang mamuhay sila nang mapayapa sa kalangitan kasama ang Panginoon," huling pahayag ng pari bago sila inabutan ng mga puting bulaklak.

Unti-unting ibinaba ang kabaong sa hukay sa lupa. Si Chewie ang unang naghagis ng bulaklak na hawak niya, sumunod si Cody. Ayaw namang bitawan ni Cole ang nasa kanya, kaya si Chewie na lamang ang kumuha niyon at naghagis patungo sa kabaong ng mga magulang.

"Mama!" hagulgol ng batang si Cole habang nakayakap pa rin sa leeg ng ate nito.

Awang-awa si Chewie sa nakakabatang kapatid. Ang dating matapang niyang ekspresyon ay lumambot at hindi na niya mapigilan na maging emosyonal, pero kailangan niyang magpakatatag para sa mga kapatid.

Nang maubos ang mga taong nakipaglibing sa mga Abrera, saka lang umuwi ang tatlong magkakapatid sa

kanilang tahanan. Ipinarada ni Chewie ang kotse sa garahe. Unang bumaba si Cody at inalalayan nito si Cole na tahimik pa rin hanggang ngayon dahil napagod sa kaiiyak.

Saka lang bumaba si Chewie. Siya na mismo ang nagbukas ng pinto ng bahay, pero una niyang pinapasok ang dalawang kapatid.

Binuksan nila ang ilaw sa sala, saka naupo sa sofa. Kalong-kalong niya ang kapatid na bunso.

Ramdam nila ang lungkot na bumabalot sa bahay nila at iyon din ang pumupuno sa mga puso nila nang mga oras na iyon.

"May gusto ba kayong kainin?" tanong niya sa mga kapatid, ngunit walang sumagot kaya hindi na siya namilit pa. "Magbihis agad kayo ng damit ninyo. Aakyat lang ako sa 'taas."

Hindi na niya hinintay pa ang sagot ng dalawa at umakyat nga siya. Sa pangalawang palapag, unang makikita ang silid ng mga magulang nila. Hanggang ngayon ay may yellow tape pa roon na may *'Police Line Do Not Cross'* mula sa pintuan.

Hindi inakala ni Chewie na hahantong sa ganito ang lahat. Isang linggo na ang nakalipas mula noong umiiyak na tumawag ang kapatid niyang si Cody. Nasa trabaho siya noon; akala niya ay magsusumbong ito na natalo sa tennis competition katulad ng madalas nitong itawag sa kanya. Kaya ikinagulat niya nang sabihin nito na patay na ang kanilang mga magulang.

Agad siyang umuwi sa hometown nila. Gulung-gulo ang kanyang isip, lalo pang nagpagulo na namatay ang mga magulang nila sa sakal. Nakitang patay ang kanyang ama sa mismong kama nito, habang ang nanay naman niya ay natagpuan sa loob ng kabinet at puro pasa ang katawan. Nasa paaralan ang magkapatid na Abrera nang mangyari ang krimen.

Isa pang bagay: walang nakitang fingerprint sa katawan ng mga bangkay. Wala ring nakitang senyales na nilooban ang bahay, kahit ang mga kapit-bahay ay walang masabi kung may bumisita ba noong araw na iyon sa mag-asawang Abrera, bago nangyari ang krimen.

Archaeologist ang ama nila Chewie,

samantalang freelance writer naman ang ina sa isang newspaper company. Napakasayang pamilya ng mga Abrera, walang kaaway at simple ang pamumuhay. Kaya isang malaking katanungan ang pagkamatay ng mag-asawa, lalo na sa mga anak nito.

Nagsisisi si Chewie sa nangyari. Kung alam lang niyang mangyayari ito, hindi na sana siya lumayo sa pamilya dahil lang sa pangarap niya. Interior designer siya sa isang sikat na kompanya kung saan din siya naging intern noon bago maka-graduate. Tatlong taon siyang nagtatrabaho roon, hanggang sa bumukod at magkaroon ng sariling bahay—isang maliit na studio-type apartment na malapit lang sa pinagtatrabahuhan niya. Masaya siya sa ginagawa niya na halos makalimutan na niyang may pamilya siya.

Samantalang si Cody ay isang tennis player naman ng paaralan nila. Graduating na siya sa senior high school. Inis siya sa kanyang ate dahil sa pagbukod nito sa kanila.

Ang bunsong si Cole ay tahimik,

minsan lang kung magsalita at mahilig itong gumuhit. Pinakamalapit ito sa ina nilang si Mrs. Abrera.

Noong gabing iyon pagkatapos ng hapunan nila, isa-isa na silang pumasok sa kanilang mga silid. Ni isa sa kanila ay walang nagsalita.

Hindi naman namalayan ni Chewie na nakasunod si Cole sa kanya hanggang sa mapansin niya ito. Agad niya itong nilingon.

"Bakit, ano'ng problema?" tanong niya sa bata, yakap-yakap nito ang mga gamit sa pangguhit at mga papel.

"P'wede bang tabi na tayong matulog?" anito.

Hindi maiwasan ni Chewie na mapangiti at maawa sa bunsong kapatid. Inabot niya ito at kinarga. "O sige, simula ngayon, tabi na tayong matulog." Binuksan ni Chewie ang pinto ng dati niyang silid na wala pa ring nagbago at nanatiling malinis at maayos.

"Nag-toothbrush ka na ba?" untag niya pa rito.

"Opo," inosenteng sagot ni Cole.

“Very good. Big boy ka na, hindi  ka na kailangang pagsabihan.”

Ngumiti ang bata sa kanya. Nang makapasok sila, inilapag niya ito sa kama.

Bahagyang nagulat si Chewie sa biglang pagtunog ng telepono nila sa sala. “Teka lang ah. Dito ka lang at iligpit mo muna ’yang mga gamit mo. Pagbalik ko, matutulog na tayo.”

“Opo.”

Pagbaba ni Chewie sa sala, agad niyang hinablot ang receiver ng landline at itinapat sa kanang tainga, “Hello?”

Ngunit wala siyang kahit anong naririnig mula sa kabilang linya. Ilang beses siyang nag-“Hello?” pero wala pa ring sumagot, kaya ibinaba niya ang telepono. Sa isip niya, baka may nang-trip lang o kaya ay namali ng tinawagang numero.

May narinig siyang yabag papaakyat sa hagdan, kaya nilingon niya ito at sinundan.

“Cole!” tawag niya sa kapatid. May nahagip pa siyang tela at paang paakyat kaya nagmadali siyang sumunod. Ngunit pag-akyat niya sa pangalawang palapag, wala naman ang kapatid na akala niya ay

sinundan niya.

Katabi ng silid ng mga magulang ang silid ng kapatid na si Cody. Maingay sa silid nito at bahagyang nakabukas ang pinto, kaya itinulak niya ito hanggang sa marinig niya ang ingay na nanggagaling sa desktop nito. Naglalaro pala ang kapatid ng isang online game.

“Cody!”

Lumingon ang kapatid sa kanya at muling ibinalik ang mata sa screen para i-pause ang nilalaro, saka muling nilingon si Chewie.

“Ano’ng kailangan mo? Istorbo ka, alam mo ba ’yon?” Halata ang pagkabwisit ni Cody dahil sa pagdating niya roon.

“Gabi na, Cody. Matulog ka na, baka mamaya ireklamo tayo ng kapit-bahay dahil sa ingay niyang nilalaro mo,” saway niya.

“Huwag mo nga akong pakilaman. N’ong umalis ka nga, hindi ka naman namin pinakialaman,” sumbat nito.

Natigilan ang dalaga; nakita na lang niya ang kapatid na lumapit sa pinto ng silid at pinagsarhan siya niyon.

"Co..." Hindi na niya tinuloy ang sasabihin. "Buwisit!"

Naihilamos niya ang palad sa mukha, saka pumasok sa silid kung saan nakita niyang nakahiga at nakakumot na ang kapatid na si Cole.

Lumapit siya sa kama, umupo, at itinago ang kalahati ng katawan sa parehong kumot na gamit ng kapatid.

"Bumaba ka ba kanina?" tanong niya.

Umiling ang bata. "Hindi po, Ate. Andito lang ako, hinihintay ka."

Nagtaka ang dalaga sa sinabi ni Cole at sa nakita niya kanina sa ibaba. Pero pinagsawalang-bahala na lang niya iyon at inisip na baka guni-guni lang niya iyong nakita niyang umakyat sa hagdan.

"Sige, tulog na tayo, ah? Goodnight, baby Cole."

"Goodnight, Ate."

# 2

Nakita ni Chewie ang sarili na nakatayo sa gitna ng mismong silid ng mga magulang niya, hindi niya alam kung paano siya napunta roon. Napakadilim ng silid, tanging liwanag na nanggagaling sa labas ng bintana ang ilaw roon.

Naisipan niyang bumalik sa silid niya, pero pagharap niya sa pintuan, muntik na siyang mauntog sa mukha na nakaharap sa kanya. Gulat ang una niyang naramdaman kaya agad siyang napaatras, nanlalaki ang mga mata niya nang makaharap ang kanyang ama. Malalalim ang mata nito at

ang mga labi ay napakaputla.

May kung anong marka sa leeg nito na nangingitim kaya bahagya siyang natakot.

"Papa?"

Hindi nakatingin ang ama niya sa kanya. Bumubuka ang bibig nito na animo may ibinubulong.

Naningkit ang mga mata ni Chewie, pilit niyang pinapakinggan ang tinig ng ama ngunit wala siyang marinig.

Napasulyap naman siya malaking kabinet nang kusa iyong bumukas, nakita niya ang ina roon na nakaupo. Katulad ng kanyang ama, maputla ito, malalim ang mga mata, may marka sa leeg, at bumubulong ng kung anong hindi niya naririnig.

"Ano ba'ng gusto ninyong sabihin?"

Muli siyang humarap sa ama, hanggang sa samu't saring boses na ang naririnig niya nang sabay-sabay na parang may bumubulong sa buong silid. Naririndi siya at hindi niya alam kung saan iyon nanggagaling kaya napatakip siya sa magkabila niyang tainga.

Sa isang iglap, biglang natahimik,

nawala nang parang bula ang mga magulang niya.

Kakaibang lamig ang pumuno sa loob ng silid. Hanggang sa naramdaman niyang may tao sa kanyang likuran. May tumamamang malamig na hininga sa batok niya na siyang nagpataas ng balahibo niya sa buong katawan.

Isang pares ng magagaspang na kamay ang bigla na lang humawak sa magkabila niyang balikat at nagpagulat sa kanya.

"AHHH!"

Nagising siya na nakatayo sa loob ng silid ng kapatid niyang si Cody.

Napakunot ang noo niya habang nakatitig sa kapatid. Lumingon siya sa pinto at nakitang nakasarado iyon. Napaisip tuloy siya kung paano siya nakarating sa silid na iyon. Wala siya gaanong maramdaman, bukas ang bintana ng silid ngunit walang hangin na pumapasok doon.

Nahihimbing si Cody sa ibabaw ng kama. Napatingin siya sa bandang ilalim ng kama ng kapatid. At unti-unting nanlaki ang mga mata ni Chewie nang makita ang

mga kamay na lumalabas mula roon.

Nagtaasan ang mga balahibo niya at napatakbo siya palapit sa pinto para buksan iyon, ngunit tila may puwersa mula sa labas na pumipigil para hindi iyon mabuksan.

Kinalampag niya ang pinto, humihingi siya ng tulong pero wala siyang marinig na kahit ano.

Sa takot ay napasandal siya sa pinto. Gusto man lapitan si Cody para tulungan, wala siyang nagawa.

Biglang nagbago ang anyo ng silid. Nakita na lamang niya ang sarili na nakahiga sa kama, nakahilata, at nakaharap sa direksyon ng kisame.

*Gising na ba ako?* tanong niya sa sarili habang nakatitig pa rin sa kisame.

Susubukan na sana niyang bumangon ngunit hindi niya maigalaw ang buong katawan. Hanggang sa mapansin niyang may nakahawak sa magkabila niyang paa at kamay.

Mas lalo niyang kinatakot nang may maramdaman siyang may humahaplos sa buong katawan niya lalo na sa maseselang

parte ng kanyang katawan. May labing humahalik-halik sa mukha at labi niya. Hindi niya iyon maaninag lalo na't para itong mga anino na sumasabay sa dilim ng silid niya.

Ipinikit niya ang mga mata, *'Ayoko na nito! Tama na! Ayoko naaaaaaa!'* sigaw niya sa isip.

Sa pagdilat ng mga mata ni Chewie, hingal na hingal siya at pawis na pawis dahil sa kakaibang panaginip na iyon.

Napakalakas ng kabog ng dibdib niya. Sa hindi niya maipaliwanag na dahilan, ramdam niyang masakit ang buong katawan niya at lalo sa pagitan ng mga hita niya.

Nilingon niya ang kapatid na mahimbing pa ring natutulog sa tabi niya. Unti-unti na ring sumisilip ang araw sa kalangitan, kaya bumangon na siya para ipagluto ng agahan ang mga kapatid.

*Maraming salamat,* bulong niya sa isipan saka dumerecho sa first floor ng bahay.

Sumunod na nagising si Cody na agad

na dumirecho sa dining area kung nasaan siya. Nagluto siya ng fried rice, bacon, at hotdog. Nakahanda na rin ang juice, fresh milk, tubig, tinapay, at keso sa lamesa.

Sumunod din si Cole na inupo pa niya sa tabi ni Cody.

“Ubos na pala ’yung grocery supplies natin, at kailangan na nating mamili. Sino gusto’ng sumama?”

Tiningnan niya si Cody kung sasagot ito, ngunit tiningnan lang siya bago sumubo ng pagkain. “Ikaw, Cole?”

“Dito lang ako sa bahay, magdo-drawing.”

“Okay, basta maligo ka at mag-toothbrush pagkatapos mong kumain.”

Tumangu-tango naman ang paslit.

Tumayo si Chewie para kunin sa labas ang bagong deliver na dyaryo. Pabalik na sana siya sa loob ng bahay nang naramdaman niyang may nagmamasid sa kanya. Nilingon niya ito at nakitang nakatingin ang isang binata sa bahay nila.

Ang lalaki ay halos kasing-edad lang niya. Kilalang-kilala niya ito simula pa pagkabata dahil kapit-bahay nila ito, at

naging kasintahan pa noong college siya. Napansin niya ang paglaki ng katawan nito at ang lalong pagtangkad.

Wala siyang galit o inis dito; siya pa nga ang may kasalanan kung bakit sila naghiwalay noon. Kaya nakaramdam siya ng bahagyang hiya kahit matagal na iyong nangyari.

“Good morning, Ethan,” bati niya sa binata na hanggang ngayon ay nakatingin pa rin sa bahay nila.

Papasok na sana si Chewie sa bahay nang magsalita ito kaya nagpatigil siya.

“Mukhang marami kayong bisita sa bahay n’yo.”

Nangunot ang noo niya. “Ano’ng sabi mo?”

Nagtama ang mga paningin nila at huminga ito nang malalim. “Kung ako sa ’yo, ipapa-bless ko ’yang bahay n’yo…uli.”

Nainis si Chewie. “Bakit mukha bang bahay ng mga demonyo ang bahay namin?”

Napangisi si Ethan. “Wala akong sinabing gan’un, payong kapit-bahay lang.”

“Ewan ko sa ’yo,” inis na sagot ng

dalaga.

“Condolences pala.”

Natigilan siya. “Salamat,” nagawa niyang sabihin saka pumasok sa front door ng bahay nila.

Nasa sala na siya at papunta na sana sa dining area nang may naramdaman kung anong matigas sa sahig na natapakan niya. Yumuko siya at dinampot iyon, isang dulo ng kable. Hinatak niya iyon hanggang mahawakan niya ang kabuuan ng kable at doon niya na-realize na telephone cable nila iyon at hindi ito nakasaksak sa outlet.

Nagtaka siya kung bakit hindi nakakabit ang linya ng telepono. Pagkarating sa dining area, tinawag niya ang atensyon ng mga kapatid.

“Wala ka na namang magawa, Cody.”

Nagulat ang huli, “Bakit, ano na naman ang problema mo sa ’kin?” Magkasalubong ang mga kilay na nakatitig ito sa kanya.

“Ang lakas ng trip mo! Bakit mo pinutol ang linya ng telepono natin? Paano na lang kung may importanteng tawag na kailangan nating sagutin? Hindi natin malalaman kasi pinutol mo ’yung linya!”

“Ano ba’ng pinagsasabi mo, Ate?” iritadong sabi ng binata sa kapatid. “Isang buwan nang putol ang linya ng telepono dito sa bahay, pinaputol ni Papa n’ong isang linggo pagkauwi niya galing sa travel. Tapos, pinatanggal naman ni Mama ’yong mga CCTV cameras pati ang mga alarm, dalawang linggo bago sila mamatay. Kaya ’wag mo ’kong pagalitan nang hindi mo naman alam ang totoong nangyari. Ano naman ang mapapala ko kung puputulin ko ’yun?”

Dahil sa inis, nawalan ng gana ang binatilyo at iniwan sila sa dining room.

Si Chewie ay nanatiling nakaupo sa puwesto niya, napapaisip at nagtataka. Sigurado siya sa sarili na ring ng telepono iyong narinig niya nang nakaraang gabi.

# 3

Pagkatapos mamili sa grocery store, agad na umuwi si Chewie sa kanilang bahay para ipagluto ng tanghalian ang mga kapatid. Alam niyang hindi niya maasahan sa gawaing-bahay si Cody, lalo na si Cole na bata pa.

Nagmamaneho siya ng kotse sa kanang kalye kung saan tanaw na tanaw niya ang bahay nila sa kabila ng island na katapat niya. Maingat siyang mag-drive dahil iyon ang patakaran kapag nasa loob ng subdivision. Iniisip din niya kung ano ang ginagawa ng mga kapatid niya sa mga oras

na iyon.

Walang anu-ano, isang lalaki ang bigla na lang lumabas sa gilid ng bahay nila kaya pinahinto muna ang kotse para pagmasdan ito. Saan ito galing at ano ang ginagawa nito sa kanila? Matangkad itong lalaki, may tamang laki ng pangangatawan. Nagulat siya na madali nitong binuksan ang pintuan ng bahay nila at pumasok na lang doon basta, sabay sara ng pinto.

“Cody, Cole,” pabulong niyang banggit sa takot na baka nilooban na sila nang hindi nalalaman ng mga kapit-bahay at ng mismong mga kapatid niya.

Takot ang namamayani sa kanya na baka kung ano ang mangyari sa dalawa.

Madali niyang minaneho ang kotse papunta sa U-turn slot at mabilis pumunta sa kabilang kalye. Pumarada siya sa tapat ng bahay.

Hindi na niya inilabas ang mga pinamili niya, agad siyang lumapit sa pinto. Pero nahirapan siyang buksan iyon, mukhang naka-lock ito sa loob. Agad niyang dinukot ang susi sa bulsa, at nanginginig ang mga kamay na ipinasok iyon sa keyhole.

Tuluyan niyang nabuksan ang pinto.

Ngunit ang sumalubong sa kanya ay ang tahimik at malamig na bahay na sobrang ipinagtaka niya, “Cole! Cody! Nasaan kayo?”

Kinuha niya ang babasaging vase na nakapatong sa sala, saka maingat na pumasok sa kusina nila, ngunit wala siyang nakitang matangkad na lalaki.

Napatingala siya kisame nang marinig ang mga kalampag at ingay sa pangalawang palapag na para bang may mga naglalarong bata roon. Parang nahagip pa ng paningin niya na may tumatakbo sa hagdanan.

Umakyat siya patungo sa second floor. “Cole, sinabi ko na sa ’yong ’wag kang tatakbo sa hagdan, baka malaglag….”

Ngunit natigilan siya nang wala siyang makitang Cole o Cody. Katulad sa first floor, napakatahimik doon.

Binuksan niya ang pintuan ng silid ni Cody. Wala roon ang kapatid. Pati sa silid ni Cole na wala ring tao, maging sa kanyang sariling silid.

Muli siyang bumalik sa ibaba. Inikot niya ang bawat sulok ng bahay. Hinanap

niya ang mga kapatid at ang estrangherong nakita niyang pumasok doon kanina, pero wala siyang nakita.

Inilapag niya ang vase na hawak sa dati nitong lagayan, nagtataka na wala namang tao sa buong bahay kundi siya lang.

Na-imagine lang ba niya iyong nakita niya?

Nanlamig siya nang makarinig na naman siya ng mga bulong, sabay-sabay na bulong mula sa likuran niya. Unti-unting nagsitaasan ang mga balahibo niya sa katawan simula sa kanyang batok.

Bigla niyang naalala ang kanyang napaginipan. Sa kanan niya ay may aninong para bang dumaan kaya agad siyang napalingon doon. Kinakabahan na siya sa nangyayari sa mga oras na iyon. Tapos, isang malamig na kamay ang biglang humawak sa kanan niyang palad. Kaya agad siyang napasulyap sa tabi niya at sa kamay, ngunit walang tao roon.

Dahil sa takot, lumabas si Chewie ng bahay. Kinontak niya ang numero ni Cody na naka-save sa cellphone niya at isang beses lang iyong nag-ring at may sumagot

na.

“Hello, Cody, nasaan kayo ni Cole?” Takot na takot na siya, lalo’t hindi niya malaman kung nasaan ang mga kapatid.

“Nandito kami kina Kuya Ethan—”

Hindi na niya pinatapos pa ang sasabihin ni Cody. Tinapos na niya ang tawag at dumerecho siya sa kapitbahay kung saan nakatira si Ethan. Kinalampag niya ang pintuan nito, imbis na gamitin ang doorbell.

Agad naman siyang pinagbuksan ng binata.

“Na—”

Hindi niya ito pinansin at pumasok na lang basta sa bahay nito. Nakaupo sa sahig ng sala si Cole habang nagdo-drawing, si Cody naman ay naglalaro sa *iPad*. Bukas ang telebisyon at may tira pang pagkain sa maliit na lamesa.

“Umuwi na kayo, ngayon na!” Hindi niya maiwasang taasan ng boses ang mga kapatid para lang sumunod sa kanya.

Iritadong tumayo si Cody. Tinulungan nito si Cole na ayusin ang mga gamit nito, saka hinawakan ito sa kamay. Sabay

na lumabas ng bahay ang dalawa, pero narinig niyang nagpasalamat muna ang mga ito sa kapitbahay nila.

Sumunod naman si Chewie pero bago siya makaalis, nagsalita si Ethan mula sa likuran niya.

"Huwag mong iiwan basta-basta ang mga kapatid mo sa bahay ninyo."

Hinarap niya ang binata habang magkasalubong ang mga kilay. "Ano na naman ba? Ano ba'ng ibig mong sabihin? Kanina ka pa ganyan," inis na sagot niya.

Matagal bago ito nakasagot. "Hindi mo rin naman maiintindihan kahit ipaliwanag ko."

Napailing na lang sa inis si Chewie. Walang paalam na bumalik siya sa bahay nila at nakita niya ang dalawang kapatid sa magkatabi sa sofa.

"Bakit bigla na lang ninyong iniwan ang bahay?" bungad ni Chewie sa dalawa.

"Bakit? Bawal na ba kaming pumunta sa kapitbahay o lumabas ng bahay?" sarkastikong tanong ni Cody.

"Ang akin lang, magpaalam kayo. Paano kung mapasok 'tong bahay natin?

Nag-aalala lang ako sa inyo, hindi ba ako p'wedeng magmalasakit sa mga kapatid ko?"

"Ang OA mo na, Ate. Hindi mo ba nakita n'ong pumasok ka? Ini-lock namin ito bago namin iniwan para lumipat kina Kuya Ethan." Tumayo si Cody at umakyat sa taas ng bahay.

*Ano ba 'tong nangyayari sa 'kin?* sa isip-isip ni Chewie sa mga oras na iyon.

Kahit na kailan ay hindi siya naniniwala sa mga kababalaghang bagay, paano niya maipapaliwanag ang nangyari sa kanya kanina at ang nakita niya?

Ilang oras bago iyon, nagsusuklay si Cody ng buhok niya dahil katatapos lang niyang maligo. Dumulas ang suklay sa kamay niya at nahulog sa sahig, kaya yumuko siya para damputin iyon. Pero sa pagharap niyang muli sa salamin, isang nakakagulat na imahe ang kanyang nakita.

Napasigaw siya. Isang babae ang nakasabit mula sa kisame. Duguan ito, tumutulo ang dugo galing sa bibig, pababa

sa kamay at paa. Ang mga mata nito ay walang buhay na nakadilat at namumula.

Sa takot at kaba, mabilis siyang tumakbo palabas ng banyo kahit na hindi pa niya naaayos nang maige ang sarili.

Bumaba siya sa sala, walang sabi-sabing kinarga ang kapatid at dumampot ng ilang gamit nito, saka lumabas ng bahay at ini-lock ang pinto.

"Ano 'yon, kuya?" tanong ni Cole sa kanya.

"P'unta tayo kina Kuya Ethan, doon muna tayo. Gutom na ako, eh wala namang pagkain sa bahay," palusot niya sa kapatid.

Dumirecho sila sa kapitbahay. Agad siyang nag-doorbell at pinagbuksan naman sila ni Ethan.

Ngumiti siya sa nakatatandang lalaki. "P'wedeng makikain sandali? Wala kasi si Ate sa bahay."

"Sige ba. Tuloy kayo," masayang bati ni Ethan. Ngunit habang kaharap ang mga bata, nababasa na nito na parang may kakaiba sa magkapatid. May nangyari kayang kung ano?

# 4

Simula noong magtalo ang magkapatid, wala na silang imikan. Kahit sa hapag-kainan ay walang gustong magsalita. Hanggang sa matapos ang araw, ganoon sila.

Hindi alam ni Chewie kung ano ang gagawin niya sa kapatid na si Cody at hindi rin niya alam kung ano'ng itatawag sa nangyari sa kanya at sa mga narinig.

Pagkatapos linisin ang pinagkainan, tiningnan niya kung nakasara na ba ang lahat nang maayos bago siya umakyat sa kuwarto.

Naiwan si Cole sa silid nila at gumuguhit na naman ng kung ano habang siya ay naliligo.

Pagka-shower, humarap siya sa salamin at pinagmasdan ang sarili. Naka-underwear lang siya nang mga oras na iyon kaya kitang-kita niya ang kabuuan ng kanyang katawan. Napakunot-noo siya nang mapansin niya ang kakaibang pasa sa kanang balikat niya.

“Ano ’to?” tanong niya sa sarili habang sinusuri iyon.

Kinapa niya iyon at bahagya siyang nasaktan. “Saan ko nakuha ’to?” nagtatakang aniya.

Ipinagsawalang-bahala na lamang niya iyon, nagbihis na siya ng pangtulog at lumabas ng silid.

“Matutulog na tayo, Cole. Iligpit mo na ’yan,” paalala niya sa kapatid habang inaayos ang sapin ng kama.

“Opo, Ate,” sagot naman nito.

*Nagising si Chewie sa ingay ng kanyang paligid. Pakiramdam niya wala siya sa mismong silid niya.*

*Samu't saring mga bulong ang sabay na sabay niyang naririnig. Sa pagdilat ng kanyang mga mata, nakakasilaw na liwanag ang sumalubong sa kanya.*

*May mga taong nakapalibot sa kanya habang nakahiga sa isang higaang gawa sa kahoy. Gusto sana niyang tumayo at umalis doon ngunit nakatali ang buong katawan niya sa higaan. Nagpumiglas siya at pilit na kumawala sa pagkakatali.*

*"Ano ba'ng ginagawa ninyo sa 'kin? Pakawalan n'yo ako rito!" sigaw niya sa mga nakapalibot sa kanya.*

*Hindi rin niya makita nang maayos ang mga mukha nito dahil sa liwanag na nakaharang sa mukha niya. Ngunit may mga kakaiba silang kasuotan. Sa pagsusuri ni Chewie, mga makalumang kasuotan ang damit ng mga ito na madalas niyang makita sa history books.*

*"Ano ba! Tulong!"*

*Hindi pa rin tumitigil ang mga bulong ng mga ito hanggang sa tuluyan na niyang marinig ang ilang salita.*

*"Alay."*

*"Siya na ang susunod."*

*“Gawin mo na.”*

*“Ano?” tanong ni Chewie.*

*Kahit na marinig niya ang mga katagang iyon hindi pa rin niya maintindihan kung ano ang ibig sabihin ng mga iyon.*

*“AHHHH!” umalingawngaw ang tili ni Chewie dahil sa sakit na naramdaman nang itarak sa sikmura niya ang isang may kala-kalawang pa na patalim. Dahan-dahan pa itong ipinanghiwa sa kanya na lalong nakakadagdag sa sakit na nararamdaman niya. Panay ang pumiglas niya habang sumisigaw.*

Pinarada ni Chewie ang kotse sa harapan ng *St. Augustine School* kung saan parehong nag-aaral ang dalawa niyang kapatid.

“Baka ma-late ako ng sundo sa inyo mamaya kasi magpapaalam ako ng one-month leave sa boss ko. Pupunta ako sa opisina para ayusin din ang mga iiwanan kong trabaho. Pag hindi ako nakarating on time, Cody, sunduin mo ang kapatid mo sa klase nila. Sabay ninyo akong hintayin sa waiting shed,” paalala ni Chewie sa

dalawa. “Ikaw, Cole, ’wag kang lalabas ng room ninyo pag wala pa si Kuya Cody, ah.”

“Opo, Ate,” sagot ng bata.

“Kahit naman hindi mo sabihin, ’yon naman talaga ginagawa ko bago kami sunduin ni Mama dati,” turan ni Cody. “Halika na, Cole,” aya nito sa kapatid saka inalalayan pababa ng kotse.

Sa pagkasara ng pintuan ng sasakyan, napabuntong-hininga na lamang si Chewie. Hindi niya alam kung anong paraan ang gagawin para naman mag-iba ang timpla ng pakikitungo ng kapatid sa kanya. At hindi rin niya gusto na ganito sila habang buhay.

Pagkarating sa opisina, sinalubong siya ng yakap ng matalik niyang kaibigan, si Cherry. Niyakap din niya ito tapos, humiwalay siya. Sabay silang naglakad palapit sa magkatabi nilang cubicle. May ilang nakapansin sa kanyang pagdating at bumati sila sa kanya.

“Oy, beshie, kumusta ka na?”

“Okay lang ako, Cherry Pie,” sagot niya sa kaibigan.

“Sabi ni Boss Louis, nag-send ka na

raw ng leave form mo through e-mail. So is this your last day na ba talaga? Mami-miss kita, beshie," malungkot nitong tugon.

Natawa na lang si Chewie. "Oo, last ko na 'to. Hindi ko naman kasi p'wedeng pabayaan 'yung mga kapatid ko d'on. Pag naibenta ko 'yung bahay within a month, lilipat din kami ng mga kapatid ko agad sa pad at babalik uli ako sa trabaho. Mas madali kong maibenta 'yung house, mas madali rin akong makakabalik dito."

"Hmm nakakainis ka, beshie." Kunwaring nagtatampo si Cherry.

"Ano ka ba, 'wag ka ngang ganyan. Hindi ka na bata," biro ni Chewie. "Tulungan mo na lang ako rito."

"Sige na nga," pagsang-ayon ng kaibigan.

"Pero p'wede mo pa naman akong dalawin anumang oras, nandoon lang ako sa bahay namin. Oo nga pala, may ilang project ako na ipapasa sa 'yo. 'Yong iba naman, baka sa iba ko ibigay. Galingan mo, ah."

"Oo naman, beshie. Pagbalik mo dito, ako na ang boss sa kompanyang 'to," biro

ng kaibigan.

Hindi naman maiwasang matawa ni Chewie sa pinagsasabi ng kaibigan.

"Sorry, guys, hindi muna ako makakasama sa practice natin mamaya, kailangan kong umuwi nang maaga kasi kailangan kong bantayan 'yung kapatid ko," sabi ni Cody sa mga kaibigan niya sa tennis team.

"Nasabi mo na ba 'yan kay Coach?" tanong ng isa na mas matangkad sa kanya at may morenong kutis.

Humahalo ang pag-uusap nila sa ingay ng pasilyo ng mga mag-aaral na naroon.

"Oo, alam na niya."

"Bakit ka pa nagbabantay ng kapatid mo, akala ko ba bumalik na si Ate mo para bantayan kayo?" nagtatakang tanong ng isa pa.

"May trabaho si Ate, kailangan ko ring tumulong sa kanya."

Tumangu-tango na lamang bilang pagsang-ayon ang mga kaibigan.

"Sige, p'unta muna ako ng elementary department, kailangan ko pang tingnan

kung ano kakainin ng kapatid ko," paalam niya.

Ngumisi ang mas matangkad sa kanila. "Wow, huwarang kuya ka na talaga," biro nito.

"G*go," ngisi niya.

"Mas g*go ka. Baka nakakalimutan mong mas guwapo si Cole kesa sa 'yo," banat pa nito bago tuluyang nagsialisan.

Napailing na lamang si Cody. Sa pagharap niya sa kanang pasilyo para doon dumaan, kamuntik na siyang mabunggo ng paparating na babae. Agad siyang napaatras para iwasan 'yon at nagtaka siya nang makita niya nang maayos kung sino iyon.

"Denny?"

Nginitian siya ng dalagang kaharap. Bahagyang kulot ang buhok nito at may inosenteng mukha. Si Denny ang kasintahan niya.

"Ano'ng ginagawa mo d'yan?" tanong niya.

"Wala naman. Saka recess na kasi kaya malamang makikita mo ako sa labas," sarkastiko nitong sagot. Mabilis na

pumulupot ang mga daliri nito sa braso niya. “Saan ka ba pupunta ngayon?” malambing nitong tanong sa kanya.

“Kay Cole, bibisitahin ko lang siya.”

“Sasamahan na kita.”

“Sige.”

Nasa tapat na sila ng mismong silid nila Cole nang mapansin niya ang matangkad na lalaki na kaharap ng kapatid niya. Naniningkit ang mga mata ng lalaki at tila nag-uusap ang dalawa. May kakaiba itong kasuotan na animo makaluma; parang gusgusing pulubi at nakayapak ang madudungis na paa.

“Sino ba ’yong kausap ni Cole?”

Nagtaka si Denny sa tanong niya. “Anong kausap sinasabi mo d’yan, eh mag-isa lang namang nakatayo si Cole d’on?” anito.

“Teka lang ah.” Bumitaw siya sa girlfriend, saka dumirecho ng lapit kay Cole. Paglingon niya ay wala na iyong lalaking nakita niyang kaharap nito.

“Cole!” tawag niya.

Lumingon ito sa kanya.

“Sino ’yong kausap mo kaninang

lalaki?” tanong niya sa kapatid nang makalapit siya. “Di ba ang sabi nila Mama sa atin, ’wag tayong makikipag-usap sa strangers.”

Umiling ang bata. “Hindi naman siya stranger, eh.”

Naningkit ang mga mata niya. “Anong hindi stranger?”

“Hindi siya stranger kasi kilala niya sina Mama at Papa.”

“Ano?” Magkasalubong na ang mga kilay ng binatilyo. “Kahit na sinabi niyang kilala niya sila Mama, ’wag mo pa ring kausapin! Paano kung hindi naman sila kilala ni Ate, stranger pa rin ’yon.”

“Kilala rin niya si Ate,” dagdag pa ni Cole. “Ang s’abi niya, kukunin niya si Ate.”

Natigilan si Cody at napaisip. May kung anong kaba na sumulpot sa kanyang dibdib.